# Pagiging Disipulo ni Jesucristo

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

## Pasanin ang iyong krus

Basahin ang Lucas 9:23, at alamin ang mga kinakailangan ng Tagapagligtas upang maging Kanyang disipulo.

- Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa pagiging tunay na disipulo ni Jesucristo?

Tumutukoy ang talatang ito sa pisikal na krus na pinasan at pinagdusahan ni Jesucristo upang maisakatuparan ang kalooban ng Kanyang Ama. Bagama't hindi iniuutos sa atin na magpasan ng pisikal na krus tulad ng ginawa ng Panginoon, iniuutos sa atin na sumunod sa Kanya sa pamamagitan ng pagsasakatuparan sa kalooban ng Ama sa Langit para sa atin kahit mahirap ito.

Basahin ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 16:26, at hanapin kung ano ang ibig sabihin ng pasanin ang ating krus at sumunod kay Jesucristo.

Ipinaliwanag ni Elder Ulisses Soares ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ibig sabihin ng pagpasan ng ating krus.



Natututuhan natin mula sa mga banal na kasulatan na ang mga nagnanais na dalhin sa kanilang sarili ang kanilang krus ay nagmamahal kay Jesucristo sa paraan na pinagkakaitan nila ang kanilang sarili ng lahat ng kasamaan at ng bawat makamundong pagnanasa at sumusunod sa Kanyang mga utos.

Ang ating determinasyong itatwa ang lahat ng salungat sa kalooban ng Diyos at isakripisyo ang lahat ng hinihiling na ibigay natin at pagsikapang sundin ang Kanyang mga turo ay tutulong sa atin na magtiis sa landas ng ebanghelyo ni Jesucristo—maging sa oras ng pagdurusa, kahinaan ng ating mga kaluluwa, o sa pamimilit ng lipunan at ng mga makamundong pilosopiya na sumasalungat sa Kanyang mga turo. (Ulisses Soares, "Pasanin ang Ating Krus," *Liahona*, Nob. 2019, 113–14)

- Bakit kailangan mong pagkaitan ang iyong sarili ng anumang kasamaan o makamundong pagnanasa sa iyong buhay?
- Sa anong mga paraan natutulad sa pagpapasan ng krus ang pagkakait sa iyong sarili ng kasamaan o makamundong pagnanasa?
- Sa iyong palagay, paano makatutulong sa iyo ang "pagpapasan ng iyong krus" na maging tunay na disipulo ni Jesucristo?

## Mawalan ng iyong buhay upang mailigtas ito

Basahin ang Lucas 9:24–25, at alamin ang itinuro ng Tagapagligtas tungkol sa pagiging Kanyang disipulo.

- Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagiging tunay na disipulo ni Jesucristo?
- Sa palagay mo, sa anong mga paraan "mawawalan" ng kanilang buhay kalaunan ang mga taong nakatuon sa kanilang sariling kalooban at mga makasariling hangarin?
- Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng maliligtas mo ang iyong buhay kung mawawalan ka nito para kay Jesucristo?

Ipinaliwanag ni Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018) kung ano ang ibig sabihin ng mawalan ng ating buhay para kay Jesucristo.



Ang mga nabubuhay para sa sarili lamang nila ay nangunguluntoy at nawawalan ng buhay, samantalang ang mga lumilimot sa kanilang sarili sa paglilingkod sa iba ay umuunlad

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *Becoming a Disciple of Jesus Christ.* Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.

at nananagana—at tunay na naliligtas ang kanilang buhay. (Thomas S. Monson, “Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?” *Liahona*, Nob. 2009, 85)

- Sino ang kilala mo na piniling mawalan ng buhay alang-alang kay Jesucristo? Ano ang epekto ng desisyong ito sa taong ito?
- Sa anong mga paraan ka napagpala dahil ipinamuhay ni Jesucristo ang mga turo sa mga talatang ito?

## Daigin ang mga gambala at huwag magdahilan

Basahin ang Lucas 9:57–62, at alamin ang ninais gawin ng ilang partikular na indibiduwal bago sumunod sa Tagapagligtas.

- Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagiging tunay na disipulo ni Jesucristo?

Hindi sinabi ni Jesucristo na mali ang magdalamhati sa pagkamatay ng isang mahal sa buhay o magpaalam sa mga kaibigan at pamilya. Sa halip, itinuturo Niya sa kanila ang isang mahalagang aral tungkol sa halaga ng pagkadisipulo.

Ipinaliwanag ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–1995) ang analohiya ng pag-aararo sa Lucas 9:62.



Upang maging tuwid ang nilalandas sa pag-aararo, dapat nakatuon ang mga mata ng nag-aararo sa kanyang unahan. Iyan ang magpapanatili sa kanya sa tuwid na daan. Ngunit kung sakaling lumingon siya para tingnan kung saan siya nagsimula, malaki ang tsansa na malihis siya. Ang ibinubunga nito ay hindi tuwid at hindi pantay na daan ng araro. . . . Kung ang ating lakas ay nakatuon hindi sa paglingon sa likod natin kundi sa yaong nasa harap natin—sa buhay na walang hanggan at kagalakan ng kaligtasan—tiyak na makakamtan natin ito. (Howard W. Hunter, “Am I a ‘Living’ Member?” *Ensign*, Mayo 1987, 17)

- Ano ang mga karaniwang dahilan na maaaring ibigay ng mga tao ngayon sa pagpiling huwag sundin ang Panginoon?
- Paano ka mananatiling nakatuon sa ipinagagawa sa iyo ng Tagapagligtas ngayon at sa iyong hinaharap?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *Becoming a Disciple of Jesus Christ.* Tagalog. PD60012661 893. Printed in the United States of America.